## Ang Kasalanan ni Acan

**(Joshua 7)**



Sa pangunguna ni Joshua ay nasakop ng mga Israelita ang lunsod ng Jerico. Bago pa man nila masakop ito, binilin ni Joshua sa mga Isralelita na ang buong lunsod at anuman ang matatagpuan nila dito, ay wawasakin bilang handog sa Panginoong Diyos. Huwag na huwag silang kukuha ng anumang bagay na nakatakdang wasakin. Ang sinumang kumuha ay magiging sanhi ng pagkapahamak ng buong Israel. Ang mga bagay na yari sa ginto, pilak, tanso o bakal ay nakalaan sa Diyos at dapat na ilagay sa kabang-yaman ng Diyos.

Ngunit nilabag ng Israel ang inutos ng Diyos. Si Acan ay kumuha ng ilang bagay na ipinagbabawal kunin, kaya't nagalit ng matindi ang Diyos sa kanila.

Matapos masakop ang Jerico, nagpadala ng mga tao si Joshua sa Ai, upang mag-espiya. Nang makabalik, sinabi nila kay Joshua na magpadala ng 2000 o 3000 na tao para lumusob doon sapagkat kaunti lamang ang naninirahan sa lunsod. Ganun nga ang kanyang ginawa, ngunit sila ay naitaboy ng mga tagaroon. Tatlumpu't anim ang napatay sa kanila nang sila'y umatras pababa sa bundok, kaya't natakot sila at nasiraan ng loob.

Naghinagpis si Joshua at ang mga pinuno ng Israel. Nagpatirapa sila sa harap ng Kaban ng Tipan ng Diyos at naglagay ng abo sa ulo bilang tanda ng kalungkutan. Tinanong niya ang Diyos kung bakit pa sila pinatawid ng Ilog Jordan kung ipapatalo rin naman sila. Sinabi pa niya na kapag nabalitaan ng ibang tao na naninirahan sa Canaan ang kanilang pag-urong sa labanan ay paniguradong pagtutulungan sila ng mga ito.

Sinabi ng Diyos kay Joshua na nagkasala ang Israel sapagkat nilabag nila ang kanilang kasunduan. Kumuha sila ng mga bagay na nakalaang ihandog ng buo para sa Kanya. Ninakaw nila ito, nagsinungaling sila tungkol dito at isinama ito sa mga ari-arian nila. Sinabi pa ng Diyos na hindi na Niya sila sasamahan kung hindi nila wawasakin ang mga bagay na nakalaang ihandog ng buo sa Kanya.

Kinabukasan maagang pinalapit ni Joshua ang mga Israelita. Mula sa mga lahi ay itinuro ng Diyos ang lahi na maiiwan. At mula sa lahi ay pinili ng Diyos ang angkan. Angkan sa pamilya. Sa huli ay napili si Acan.

Sinabi ni Joshua kay Acan, "Parangalan mo ang Diyos ng Israel, magsabi ka ng totoo sa harapan Niya. Ano ang ginawa mo? Huwag mong ilihim sa akin."

Inamin ni Acan ang kanyang ginawa. Naakit siya sa mga bagay na nakita sa Jerico. Sinabi niya na ang mga bagay na kanyang kinuha ay ibinaon niya sa lupa sa loob ng kanyang tolda.

Nagpapunta si Joshua ng dalawang tao kung nasaan ang tolda ni Acan. Nakabaon nga roon ang kanyang mga kinuha. Iniharap nila kay Joshua at sa buong Israel ang lahat ng iyon at inilatag sa harapan ng Diyos. Dinala ni Joshua at ng buong bayan si Acan, ang mga bagay na kinuha niya sa Libis ng Kaguluhan. Isinama rin nila ang kanyang asawa, mga anak, mga baka, kabayo at tupa, tolda at lahat niyang ari-arian.

Sinabi ni Joshua, "Bakit mo kami ipinahamak? Ikaw naman ngayon ang ipapahamak ng Diyos. Pinarusahan ng Diyos si Acan at ang kanyang pamilya.

Nawala ang galit ng Diyos. Muli Niyang pinalusob sa Ai sila Joshua at ang kanyang mga sundalo. Nagtagumpay sila sa pagsakop sa Ai dahil sinunod ang lahat ng binilin ng Diyos.

Ang Diyos ay makatarungan. Maliwanag ang Kanyang utos sa mga Israelita na huwag kukuha ng anumang bagay mula sa Jericho at ilagay sa kabang yaman ng Diyos ang para sa Kanya kung hindi sila ay mapapahamak. Napatawan ng parusa si Acan at ang kanyang pamilya dahil sa kanyang paglabag sa inutos ng Diyos. Ang Diyos lamang ang karapat-dapat na magbigay hatol kung tama o mali ang ating ginawa at magbigay ng parusa sapagkat Siya ay Diyos. Naniniwala ka ba na ang Diyos ay makatarungan?

